Mensahe Sampu

## Ang Pangako, ang Propesiya, ang Nalabi at ang Pagbabawi

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 25:11; 29:10-11, 14, 30:1-3, 10-11, 16-19; 31:1-9, 11-13; 33:6

**I. Pinili ng Diyos ang mga anak ni Israel at ginawa Niya silang Kanyang bayan bilang isang sagisag ng ekklesia—Roma 9:11-13; Gawa 7: 38:**

A. Ang mga anak ni Israel, bilang ang piniling bayan ng Diyos, ay ang pinakamalaki, pansama-samang sagisag ng ekklesia—1 Cor. 10:1-11.

B. Sa sagisag na ito makikita natin na ang ekklesia ay pinili at tinubos ng Diyos, tinatamasa si Kristo at ang Espiritu bilang panustos-buhay, itinatayo ang tahanan ng Diyos, nagmamana kay Kristo bilang bahagi nito, napababa at nabihag, nabawi at naghihintay sa pagdating ni Kristo.

**II. Nangako si Jehovah na ibabaling ang pagkabihag ng Israel at ibabalik sila sa kanilang lupain—Jer. 15:15; 30:1-3, 10-11, 16-19; 31:1-9, 11-13:**

A. "Sapagkat nalalaman Ko ang Aking mga panukala para sa inyo, sabi ng Jehovah, mga panukala para sa kapayapaan at hindi para sa kasamaan, upang bigyan kayo ng kinabukasan at ng pag-asa"—29:11.

B. "Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig; / Samakatuwid ay binatak kita ng kagandahang-loob"—31:3.

C. "Ibabaling Ko ang inyong pagkabihag at titipunin Ko kayo mula sa lahat ng bansa at sa lahat ng dako na Aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ni Jehovah, at ibabalik kayo sa dakong pinagkunan Ko sa inyo tungo sa pagkabihag"—29:14.

D. "Muli kitang itatayo, at ikaw ay muling maitatayo, / O birhen ng Israel. / Muli mong gagayakan ang iyong sarili ng mga pandereta / At lalabas ka sa pagsasayaw ng mga nagsasaya"—31:4.

E. "Sila'y darating at aawit nang malakas sa kaitaasan ng Zion, / At sila'y magdadaloy sa kabutihan ni Jehovah.../ At ang kanilang kaluluwa ay magiging gaya ng dinilig na halamanan, / At sila'y hindi na manlulupaypay pa"—b. 12.

F. "Gagawin Kong kagalakan ang kanilang pagluluksa / At aaliwin Ko sila at bibigyan Ko ng kagalakan sa kanilang kalungkutan."—13.

**III. Pinropesiya ni Jeremias na ang pagkabihag ng Israel sa Babilonia ay sa loob ng pitumpung taon 25:11:**

A. Ang salita tungkol sa pitumpung taon ay naging isang kaaliwan kay Jeremias, tinitiyak siya na ang miserableng sitwasyon ng kanyang bansa at ng kanyang bayan, ng templo at ng lunsod ay magtatagal lamang ng pitumpung taon—29:10; Zec. 7:5

B. Kung paanong ibinigay ng Diyos ang mga tao sa pagkabihag, ibabalik rin Niya sila, hindi bilang mga bihag kundi bilang mga matagumpay na mandiriga—2 Cron. 36:21:23.

C. Dahil naunawaan ni Daniel ang mga propesiya sa Jeremias 25:11-12 at 29:10-14 hinggil sa pitumpung taon ng pagkabihag ng Israel, itinalaga niya ang kanyang mukha "tungo sa Panginoong Diyos at hinanap Siya sa panalangin"—Dan. 9:2-3:

1. Bilang kamanggagawa ng Diyos sa lupa, naunawaan ni Daniel ang kalooban ng Diyos mula sa mga Kasulatan at nanalangin para sa kalooban ng Diyos ayon sa Kasulatan.
2. Alam ni Daniel na ang intensiyon ng Diyos ay ang ibalik ang mga anak ni Israel sa lupain ng Israel para sa muling pagtatayo ng Herusalem, at sa gayon, siya ay nanalangin para rito; ang pagbabalik ng mga anak ni Israel sa Herusalem ay ang pagtupad ng Diyos sa panalangin ni Daniel.

**IV. Sinabi ni Jehovah na titipunin Niya ang nalabi ng Kanyang kawan mula sa mga lupain kung saan Kanyang pinagtabuyan sila at Kanyang ibabalik sila sa kanilang pastulan, at sila'y magiging mabunga at darami—Jer. 23:3:**

A. Pagkatapos ng pitumpung taong pagkabihag, ang Diyos ay dumating upang tawagin ang mga anak ni Israel upang bumalik mula sa Babilonia tungo sa Banal na Lupain—25:11.

1. Nang tinawag ng Diyos ang Kanyang bayan na bumalik sa Kanyang piniling lupain, napakakaunti ang tumugon; ang karamihan ay nanatili sa kanilang pagkabihag.
2. Kaunti lamang ang bumalik sa piniling lupain; yaong mga bumalik sa Herusalem upang itayong muli ang templo ay ang nalabi sa bayan ng Diyos—Ezra 1:3; 2:1-67.
3. Ipinangako ng Diyos na ang Kanyang bayan ay babalik sa Herusalem pagkatapos ng pitumpung taon ng pagkabihag sa Babilonia (Jer. 25:11; 29:10); sa mga aklat ng Ezra at Nehemias isang nalabi ang bumalik ayon sa pangakong ito.

B. Sa pagbabawi ng Panginoon ngayon tayo ang nalabi sa bayan ng Diyos na bumalik sa Kanyang orihinal na intensiyon habang ang napakaraming tunay na mananampalataya ang nagpangalat at nananatili sa pagkabihag—Mga Awit 126: 1-4:

1. Tayo ay mga sangkap ng Katawan ni Kristo na bumalik sa orihinal na batayan ng kaisahan at tumatayo dito bilang ang nalabi ng Diyos—Duet. 12:5.
2. Karamihan sa mga Kristiyano ay nananatili sa pagkabihag; isang maliit na nalabi lamang ang bumalik sa wastong batayan para sa pagtatayo ng Diyos—b. 11; 16:2; Awit 132:13-14.

C. Ang pagbabalik ng mga anak ni Isreal mula sa Babilonia tungo sa Herusalem ay naghanda ng daan para sa pagdating ni Kristo—Mik. 5;2; Mat. 2:4-6; Luc. 2:4-7:

1. Ang unang pagdating ng Panginoon ay nakadepende sa pagbabalik ng bayan ng Diyos mula sa kanilang pagkabihag sa Babilonia tungo sa Banal na Lupain:
   a. Ayon sa propesiya sa Mikas 5:2, si Kristo ay isisilang sa Bethlehem.
   b. Upang ang propesiyang ito ay matupad, ang bayan ng Diyos ay dapat na nasa Banal na Lupain—Mat. 2:4-6; Luc. 2:4-7.
   c. Ang nalabi sa mga bumalik na bihag ay ang instrumentong ginamit ng Diyos upang itayong muli ang templo at ihatid ang unang pagdating ni Kristo—Mikas. 5:2.
   d. Kung wala ang pagbabalik ng mga nalabi sa Banal ng Lupain, walang magiging daan upang si Kristo ay dumating sa lupa sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao—Luc. 1:35; 2:4-7.
2. Gayundin, ang ikalawang pagdating ni Kristo ay nakadepende sa pagbabalik ng mga nalabi sa Kanyang mga Bagong Tipang mananampalataya mula sa kanilang pagkabihag sa Babilonia, ang napababang Kristiyanidad, tungo sa namumukod-tanging batayan ng kaisahan para sa pagtatayo ng ekklesia, ang espiritwal na bahay ng Diyos—Efe. 2:21-22; Apoc. 2:1; 1 Tim. 3:15; 1 Ped. 2:5
   a. Ang Panginoon ay tumatawag ng nalabi sa Kanyang bayan upang tugunan ang Kanyang pangangailangan sa pamamagitan ng paglabas mula sa pagkabihag sa Babilonia at bumalik sa wastong batayan ng ekklesia—Apoc. 18:4; Isa. 52:11; Jer. 50:8; 51:6, 9, 45.
   b. Ang intensiyon ng Panginoon ay hindi upang buhaying muli ang Kristiyanidad sa kabuuan kundi ang tawagin ang nalabi sa Kanyang bayan na laang magbayad ng halaga upang sumunod sa Kanya para sa pagsasakatuparan ng kanyang layunin at upang maitayo bilang bahagi ng Katawan—Mat. 16:18; 18:17; Efe. 1:22-23; 2:21-22; 4:16; Apoc. 1:11; 22:16.

**V. Sinabi ni Jehovah na magdadala Siya ng pagbabawi sa mga anak ni Israel—Jer. 30:17; 33:6:**

A. Nangako si Jehovah na magdala sa lunsod ng Herusalem ng pagbabawi at kagalingan—b. 6.

B. Sinabi Niya na maghahayag Siya sa kanila ng kasaganaan ng kapayapaan at katotohanan at Kanyang lilinisin sila sa lahat ng kanilang kasalanan at patatawarin ang lahat ng kanilang kasalanan, sa pamamagitan nito'y nagkasala sila laban sa Kanya at sumalansang laban sa Kanya—bb. 6-8.

C. Si Jehovah ay gumawa ng karagdagang pangako na ang Herusalem ay magiging isang pangalan ng kagalakan at isang papuri at isang luwalhati sa Kanya sa harap ng lahat ng bansa—b. 9

**VI. Ang pagbabalik ng mga anak ni Israel mula sa kanilang pagkabihag ay sumasagisag sa pagbabawi ng ekklesia—Ezra 1:3-11; Neh. 2:11, 17:**

A. Kapag sinasalita natin ang pagbabawi ng ekklesia, ibig nating sabihin ay yaong may isang bagay dati'y naroon, na ito ay nawala o nasira, at ngayon ay may pangangailangang ibalik ang bagay na yaon sa orihinal na kalagayan nito—Mat. 16:18; 18:17

B. Dahil ang ekklesia ay napababa sa loob ng maraming siglo sa kasaysayan nito, kailangan nitong mapanauli ayon sa orihinal na intensiyon ng Diyos—1 Cor. 1:2; 12:27; Roma 12:4-5; 16:1,4-5; Apoc. 1:11; 22:16.

C. Upang mabawi ang mga anak ni Israel ay nangangahulugang maibalik sila sa Herusalem mula sa Babilonia; ang pagbabawi ng ekklesia ay kinasasangkutan ng isang pagbabalik mula sa pagkabihag at mapagbaha-bahaging batayang sinagisag ng Babilonia—Awit 126:1-4; 133:1

D. Ang bayan ng Israel ay bumalik sa Herusalem, ang itinalagang bukod-tanging batayan, kasama ang lahat ng sisidlan ng templo ng Diyos, na nadala sa Babilonia—2 Chron. 36:18; Ezra 5:14; 6:5:

1. Ang Herusalem ay ang sentro ng bayan ng Diyos upang sambahin Siya, at ang bukod-tanging sentrong ito ang nagpreserba sa kaisahan ng bayan ng Diyos; dahil dito kinakailangan para sa bayan ng Diyos sa Lumang Tipan na maibalik sa Herusalem, ang bukod-tanging batayan na itinalaga ng Diyos—Deut. 12:11; 16:2; 26:2.
2. Ang mga sisidlang ito, na mga pilak at ginto, ay sumasagisag sa mga kayamanan ni Kristo at ang iba't ibang aspeto ng karanasan kay Kristo—Efe. 3:8.
3. Ang kasalukuyang Babilonia ay hindi lamang bumuhag sa bayan ng Diyos bagkus ninakaw rin ang lahat ng kayamanan mula sa templo ng Diyos; ngayon ang Panginoon na hindi lamang tawagin ang Kanyang tapat na bayan palabas sa Babilonia at dalhin sila pabalik sa wastong buhay-ekklesia bagkus bawiin rin ang lahat ng iba't ibang aspeto ni Kristo, na naiwala—bb. 17-19; Col. 1:15-20; 2:16-17; 3-4.

E. Ang pagbabawi ng ekklesia ay ipinahihiwatig din ng muling-pagtatayo ng templo ng Diyos, ang bahay ng Diyos sa Herusalem, at ng muling-pagtatayo ng lunsod ng Herusalem—Ezra 1:3; Neh. 2:11, 17; Mga Awit 26:8; 36:8-9; 46:1, 5; 47:2, 6-8:

1. Ang templo, ang lugar ng presensiya ng Diyos, ay nangailangan ng proteksiyon, ang pader ng lungsod ay ang pananggalang ng templo.
2. Upang maunawaan ang kaugnayan ng tahanan at lunsod sa Bagong Tipan, kailangan nating matanto na ang ekklesia ay ang paglawak ni Kristo at ang paglaki ni Kristo—Juan 3:29-30; Efe. 4:13; Col. 2:19:
   a. Ang unang hakbang ng paglawak ni Kristo ay ang ekklesia bilang ang bahay, binubuo ng lahat ng mananampalataya na pinagsama-sama upang maging ang paglaki ni Kristo—Efe. 2:21-22

b. Ang ikalawang hakbang ng palawak ni Kristo ay ang ekklesia bilang lunsod; ang ekklesia bilang bahay ay dapat mapalawak upang maging ekklesia bilang ang lunsod—Mat. 5:14; Apoc. 3:7, 12; 21:9-10.

c. Ang pagtatayo ng ekklesia bilang ang bahay at ang lunsod ay ang sentro ng walang hanggang layunin ng Diyos—Efe. 2:21-22; 1 Tim. 3:15; Apoc. 21:2-3.

3. Kung walang pagbabawi ang bayan ng Diyos mula sa Dakilang Babilonia tungo sa buhay-ekklesia, walang paraan upang maisagawa ni Kristo ang Kanyang ikalawang pagdating—1:7:

a. Ito ang dahilan na ang Panginoon, sa katapusan ng kapanahunan, ay gumagawa upang magkaroon ng isang pagbabawi ang ekklesia—b. 11; 3:7-10; 22:16; 1 Cor. 12:27; 1:2.

b. Ang pagbabawing ito ay magiging isang paghahanda at isang batayan para sa muling pagdating ni Kristo—Apoc. 1:7; 3:11; 19: 7-9; 22:7, 12, 20

© 2020 Living Stream Ministry